Republika ng Pilipinas
Departamento ng Edukasyon
**REHIYON-X**
**DIBISYON NG CAGAYAN DE ORO CITY**

DEPED-DIVISION OF CAGAYAN DE ORO CITY
RELEASED
DATE: AUG 13 2024
BY:

*Office of the Schools Division Superintendent*

12 Agosto 2024

DIBISYONG MEMORANDUM
BILANG 570, s.2024

TALAKDAAN NG MGA GAWAIN AT PATIMPALAK KAUGNAY SA PAGDIRIWANG SA BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024

Para sa: Katuwang ng Tagapamanihala ng mga Paaralang Sangay
Mga Puno ng Serbisyo at Paglilingkod ng mga Paaralang Sangay
Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Mga Pandistritong Superbisor sa mga Pampublikong Paaralan
Mga Punonggurong Pampubliko at Pampribadong Paaralan
Sa lahat ng kinauukulan

1. Batay sa Memorandum Panrehiyon Blg. 0568 s,2024, Pagdiriwang sa Buwan ng Wikang Pambansa 2024, alinsunod na rin ito sa itinakdang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, na ang **Buwan ng Wikang Pambansa 2024** ay ipinagdiriwang mula Agosto 1-31,2024 sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF).

2. Para sa sabayang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa,ipinatutupad ng KWF ang Kapasyahan ng Kalupunan Blg.08-02 Serye 2024 na nagtatakda ng temang **"FILIPINO: WIKANG MAPAGPALAYA"** na naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Dahil dito,inaasahan na ang lahat ng mga non-teaching personel ay magsusuot ng Filipiniana o katutubong kasuotan tuwing Lunes,bilang paggunita sa nasabing pagdiriwang.

4. Layunin ng Buwan ng Wika 2024 ang mga sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg.1041.
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito.
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko.
d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa at.

e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

5. Kalakip ng memorandum na ito ang mga mungkahi at takdang gawain para sa buong buwan ng Agosto.

6. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain,dapat na tiyakin ang pagtalima sa DepEd Order (DO) No.9s. 2005 (*Instituting Measures to Increase Engaged-Time on-Task and Ensuring Compliance Therewith)* na hindi na ito makaabala sa regular na klase,Gayundin, tiyakin ang pagsunod sa mga tungkuling isinasaad sa DO 66,s.2017(*Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities)* kaugnay sa pagsasagawa ng mga *Off-Campus Activity.*

7. Para sa karagdagang detalye at impormasyon,maaaring makipag-ugnayan kay Dr. *Jean S. Macasero,OIC- Chief* -CID sa Cellphone no. *09171553448*

8. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ROY ANGELO E. GAZO**
Tagapamanihala

Kalakip:
Gaya ng isinaad
Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 036, s.2023
DepEd Order (Nos.66, s.2017 at 9, s.2005)

*HRL/BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024*
*Agosto 1,2024*

| Petsa | Tema |
|---|---|
| **Agosto 1-3**<br>FSL Tungo sa Ingklusibo sa Pambansang Kaunlaran | • Pagtitipon ng mga Pagbati sa *Filipino Sign Language (FSL)*<br>• Paglalagay ng Tarpaulin sa bungad ng Paaralan<br>• Pagsusuot ng Filipiniana at katutubong kasuotan ng mga non-teaching personel tuwing Lunes sa buong buwan ng Agosto. |
| **Agosto 5-10**<br>Sistematiko at maka-agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran | • Pagbabasa ng mga kuwentong Pambata hinggil sa kahalagahan ng maka-agham na pananaliksik<br>• Pagsulat ng mga tula na may kinalaman sa maka-agham na pananaliksik<br>• Pagsulat ng rap hinggil sa halaga ng sistematikong maka-agham na pananaliksik sa Pambansang Kaunlaran. |
| **Agosto 12-17**<br>Paggamit ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) sa Scientific Research | • ***Pagsasaliksik ng Indigeneous Knowledge System*** and Practices (IKSP) mula sa iba't ibang rehiyon<br>• Pagsulat ng Sanaysay hinggil sa ***Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP)***<br>• Pagsasadula ng Indigenous ***Knowledge System and Practices (IKSP)*** |
| **Agosto 19-23**<br><br>Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa | • Paggawa ng maikling komentaryo/vlog/ na tumatalakay sa kahalagahan ng mga katutubong wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyon<br>• Paglikha ng awit gamit ang wikang katutubo hinggil sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa |
| **Agosto 26-31**<br>Paglaban sa Misinformation (*Fact Checking)* | • Online Forum/Seminar hinggil sa Literasiyang Pang-media<br>• Paglalagom ng mga naging Gawain sa Buwan ng Wika.<br>• Pagsusuot ng kasuotang Filipiniana at katutubong kasuotan ng mga guro para sa Pampinid na palatuntunan |